ITINUTURO, BINIBIGYANG KAHULUGAN,
AT BINABAGO ANG BATAS MULA 1979

RESOURCE TOOLKIT

# ISA-ISANG HAKBANG NA PLANO SA PAGHAHANDA NG PAMILYA

Paano maagap na makapaghahanda ang mga imigranteng pamilya para sa mga **pang-imigrasyon na emerhensiya** na maaaring mangyari

NOBYEMBRE 2024

Ang bawat pamilya ay dapat mayroong Plano sa Paghahanda ng Pamilya (Family Preparedness Plan) kung sakaling magkaroon ng emerhensiya. Mahalaga para sa mga imigranteng pamilya na magplano nang maaga at gumawa ng mas kongkretong mga plano para sa mga pang-imigrasyon na emerhensiya na maaaring mangyari. Halimbawa, ang Resource Toolkit na ito ay mas idinidetalye ang iba't ibang opsiyon sa pangangalaga ng bata na available kung sakaling walang presensiya ng magulang, kung saan maghahanap ng mapagkakatiwalaang mga serbisyo sa imigrasyon sa iyong komunidad, at kung paano maghahanda na igiit ang iyong mga karapatan ayon sa konstitusyon sa harap ng isang opisyal sa imigrasyon.

Ang toolkit na ito ay hinati-hati sa iba't ibang bahagi na nagbibigay ng gabay sa pagpaplano ng pamilya, anuman ang katayuan sa imigrasyon. Nagbibigay ito ng karagdagang payo sa mga hindi dokumentado

**TANDAAN**

*GUMAWA RIN ANG ILRC NG MAS PINAIKLI NA BERSYON NITONG PLANO SA PAGHAHANDA NG PAMILYA. MAHAHANAP ITO SA PAMAMAGITAN NG PAGPUNTA SA ILRC.ME/FAMPREP*

Translated by
LAU Language Access Unit
Division of Equity & Social Justice
02/28/2025



*ipinagpapatuloy sa susunod na pahina*

*ipinagpatuloy...*

at magkakahalong katayuan na pamilya.

Para sa karagdagang mga mapagkukunan ng komunidad na may kaugnayan sa imigrasyon, bisitahin ang **ilrc.me/resources**.

## UNANG BAHAGI: GUMAWA NG PLANO NG PANGANGALAGA SA BATA

Mahalaga na gumawa ng plano upang mayroong mapagkakatiwalaang nakatatanda na maaaring mag-alaga sa iyong anak kung hindi mo magagawa. Ang plano na ito ay dapat may kasamang mga numerong pang-emerhensiya, at file na may kalakip na mahahalagang dokumento. Kung gusto mo mang makasama ang iyong anak pabalik sa iyong pinagmulang bansa kung mahaharap sa deportasyon o hinihiling na manatili ang iyong anak sa United States na nasa pangangalaga ng ibang mapagkakatiwalaang nakatatanda, kinakailangan mong gumawa ng mga paunang pagpaplano o paghahanda. Ang toolkit na ito ay may kasamang impormasyon tungkol sa mga opsiyon, lalo na para sa California, na available upang gumawa ng impormal o pormal na paghahanda o pagpaplano para sa iyong anak.

## IKALAWANG BAHAGI: ALAMIN ANG IYONG MGA PANG-IMIGRASYON NA OPSIYON

Ang pagtuklas sa iyong mga legal na opsiyon upang makakuha ng immigration status ay ang maaaring pinakamalakas na paraan upang maprotektahan mo ang iyong sarili at iyong pamilya. Sa panahon ng konsultasyong legal kasama ang isang eksperto sa imigrasyon, maaari nilang matukoy kung kwalipikado ka para sa partikular na mga proteksiyong pang-imigrasyon na kasalukuyang available. Kabilang sa toolkit na ito ang impormasyon at mga mapagkukunan upang makahanap ng mabuting tulong legal sa imigrasyon. Tinatalakay din sa toolkit na ito kung sino ang maaaring magbigay sa iyo ng payong legal at/o sino ang



*ipinagpatuloy sa susunod na pahina*

*ipinagpatuloy...*

maaaring kumatawan sa iyo sa isang usaping pang-imigrasyon.

## IKATLONG BAHAGI: ALAMIN ANG IYONG KARAPATAN

Ang lahat — dokumentado at hindi dokumentado — ay may mga karapatan sa bansang ito. Tiyakin na alam mo, ng iyong mga miyembro ng pamilya (maging mga anak), kasambahay, kapitbahay, katrabaho, ang kanilang karapatan na manahimik at ang lahat ng iba pa nilang karapatan. Ang listahan ng mga karapatan na ito, at isang card na iginigiit ang mga karapatan na ito, ay kasama sa toolkit na ito.

## IKAAPAT NA BAHAGI: MGA KARAGDAGAN

Sa huling bahagi ng toolkit na ito, naglagay kami ng mga karagdagang dokumento, checklist, at iba pang mga materyal na makakatulong sa iyo sa pagpaplano sa paghanda ng iyong pamilya.

Translated by LAU Language Access Unit Division of Equity & Social Justice 02/28/2025



*ipinagpatuloy sa susunod na pahina*

*ipinagpatuloy...*

# UNANG BAHAGI: GUMAWA NG PLANO NG PANGANGALAGA SA BATA

## MAGDESISYON KUNG ANONG URI NG PLANO NG PANGANGALAGA SA BATA ANG GUSTO MONG ISAGAWA

Mayroong iba't ibang paraan upang mapagplanuhan na magkaroon ng iba pang nakatatanda na mag-aalaga sa iyong anak kung hindi mo magagawa. Ang ilan sa mga opsiyon, lalo na sa California ay:

1. **Berbal na Kasunduan:** Ang higit na hindi pormal na plano ay kausapin ang iba pang nakatatanda tungkol sa iyong kahilingan para sa iyong anak at **berbal na mapagkasunduan ninyo na gagawin niya ang iyong kahilingan na alagaan ang iyong anak kung hindi mo na magagawa.** Ang benepisyo nito ay hindi ito pormal at madali – hindi mo na kinakailangang kumumpleto ng anumang form o legal na mga dokumento, at ang kasunduan na ito ay hindi makakaapekto sa iyong mga karapatan bilang magulang. Ang hindi kalamangan ng impormal na kasunduan na ito ay walang legal na awtoridad ang iyong piniling tagapag-alaga ng anak na gumawa ng medikal o may kaugnayan sa paaralan na mga desisyon sa ngalan ng iyong anak, na magiging problema kung ikaw ay na-deport at hindi maaalagaan ang iyong anak sa matagal na panahon.

2. **Caregiver's Authorization Affidavit ("CAA"):** Ang susunod na opsiyon **sa California** ay hindi lamang ang pagkuha ng berbal na pagsang-ayon ng ibang nakatatanda na alagaan ang iyong anak sa panahon na hindi mo na magagawa, ngunit kakailanganin na pakumpletuhin sa nakatatandang iyon ang isang **Caregiver's Authorization Affidavit ("CAA")**, na hahayaan silang gumawa ng partikular na medikal o may kaugnayan sa paaralan na mga desisyon sa ngalan ng iyong anak. Ang benepisyo ng ganitong paraan ay mabibigay ang CAA sa paaralan ng iyong anak o tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang ang iyong piniling tagapag-alaga ay makakagawa ng partikular na mga desisyon para sa bata, at hindi nito naaapektuhan ang iyong mga karapatan bilang magulang (mayroon ka pa ring kustodiya at kontrol



*ipinagpatuloy sa susunod na pahina*

*ipinagpatuloy...*

sa iyong anak). Ang higit pang impormasyon tungkol sa CAA at ang isang form na magagamit mo ay nakalagay sa Ikaapat na Bahagi ng toolkit na ito. **Mangyaring tandaan: ang inilakip na Caregiver's Authorization Affidavit ay magagamit lamang sa California.**

3. **Guardianship:** Ang pinakapormal na plano ay **hayaan ang korte na magtalaga ng isang guardian para sa iyong anak.** Ang benepisyo ng guardianship ay kapag may naitalaga ng guardian ang California Probate Court, ang taong iyon ay mayroon ng buong legal at pisikal na kustodiya ng iyong anak, ibig sabihin ay makakagawa sila ng mga desisyon sa ngalan ng iyong anak. **Mangyaring tandaan: Kapag may naitalagang guardian, hindi nito tinatanggal ang mga karapatan bilang magulang, ngunit sinususpinde ito habang nakalapat ang guardianship.** Ang hindi kalamangan ng guardianship ay dapat itong tanggalin ng Probate Court upang maibalik ang iyong mga karapatan bilang magulang. Mangyaring tandaan na dapat kang maghain ng petisyon sa Probate Court na humihiling sa korte na tanggalin ang guardianship at ang Hukom na ang magdedesisyon kung ano ang pinakamagandang opsiyon para sa iyong anak.

   Tandaan na sa California hindi mo mapagkakaloob sa ibang tao ang guardianship ng iyong anak sa hindi pormal na paraan o sa pamamagitan ng power of attorney – isang pang-estadong korte lamang ang makakagawa nito. Ngunit, makakahanda ka ng Form GC-211 upang magnomina ng partikular na tao na maging guardian ng iyong anak. Isasaalang-alang ng korte ang Form GC-211 kung at kapag ang isang petisyon sa guardianship ay inihain. Maaari mo ring bigyan ng bisa ang nominasyon sa panahon ng iyong pagkakakulong o deportasyon sa pamamagitan ng pagkumpleto ng nakalakip sa form GC-211 na idinidetalye kung kailan magiging epektibo ang nominasyon. Ang pagnomina sa ibang tao na magkaroon ng legal na kustodiya ng iyong anak ay isang mabigat na desisyon; mangyaring makipag-ugnayan sa isang mapagkakatiwalaang



*ipinagpatuloy sa susunod na pahina*

tagapagbigay ng legal na serbisyo upang makakuha ng karagdagang impormasyon.

## DAPAT TANDAAN TUNGKOL SA POWER OF ATTORNEY

Ang isang power of attorney ay nakasulat na dokumento na maaari mong pirmahan upang bigyan ng awtoridad ang ibang tao na kumilos sa ngalan mo sa partikular na mga paraan. Halimbawa, ang isang power of attorney ay maaaring gamitin upang magtalaga ng ibang tao upang pangasiwaan ang iyong pera, gumawa ng mga desisyon sa negosyo, gamitin ang iyong pera sa pagbayad ng renta o mortgage, gamitin ang iyong pera sa pangangalaga ng iyong anak, at iba pang katulad na gawain.

**Sa California, hindi namin inirerekomenda na gumamit ng power of attorney upang magtalaga ng ibang tao na mag-alaga ng iyong anak.** Kung ang isang power of attorney ay magandang opsiyon sa ibang mga estado, sa California, hindi ito magagamit upang maglipat ng kustodiya ng iyong anak sa ibang tao (ang pang-estadong korte lamang ang makakagawa nito). Maaaring posible na gumamit ng power of attorney upang bigyang awtoridad ang ibang tao na gumawa ng mga medikal at pampaaralan na desisyon sa ngalan ng iyong anak, ngunit sa California, ang pagkumpleto ng Caregiver's Authorization Affidavit ang mas simple at mas mababang gastos na paraan upang gawin ang katulad na bagay.

## ISULAT ANG MGA TAGUBILIN KUNG ANG IYONG ANAK AY MAYROONG KAHIT ANUMANG MEDIKAL NA KONDISYON AT/O MAY INIINOM NA ANUMANG GAMOT

Tiyakin na nakasulat ang anumang mga medikal na kondisyon o allergies na mayroon ang iyong anak, pati ang impormasyon ng doktor at health insurance. Maglagay ng kopya ng impormasyon na ito sa iyong file ng mga mahahalagang dokumento. Bigyan ng kopya ang paaralan ng iyong anak at ang nakatatanda na itinalagang alagaan ang iyong anak. Ipaalam



*ipinagpatuloy sa susunod na pahina*

*ipinagpatuloy...*

sa iyong anak kung saan mahahanap ang impormasyon na ito kung wala ka.

## TIYAKIN NA MAYROONG PASSPORT ANG IYONG MGA ANAK

Kung ipinanganak ang iyong anak sa United States, bisitahin ang **www.travel.state.gov** para sa higit pang impormasyon kung paano makakakuha ng U.S. passport. Kung ipinanganak sa ibang bansa ang iyong anak, tingnan sa embassy o konsulado ang higit pang impormasyon kung paano makakakuha ng passport.

## IPAALAM SA IYONG PAMILYA AT MGA PANG-EMERHENSIYANG KONTAK KUNG PAANO KA MAHAHANAP KUNG IKINULONG KA NG ICE

Magagamit ng mga miyembro ng pamilya ang ICE detainee locator: **https://locator.ice.gov/odls/#/search** upang mahanap ang isang indibidwal na ikinulong ng ICE. Tiyakin na ang iyong pamilya at mga pang-emerhensiyang kontak ay mayroong kopya ng iyong A-Number (ang registration number na matatagpuan sa iyong pang-imigrasyon na mga dokumento na mula sa ICE), kung mayroon ka.

## KAUSAPIN ANG IYONG PAMILYA TUNGKOL SA IYONG PLANO

Sa paraan na hindi sila mag-aalala, ipanatag ang loob ng mga anak na may mangangalaga sa kanila kung sa kahit anumang dahilan ay hindi mo na magagawang alagaan sila, kahit sa sandaling panahon man. Ipaalam sa kanila kung sino ang mangangalaga sa kanila hanggang sa magagawa mo na.

Translated by LAU Language Access Unit Division of Equity & Social Justice 02/28/2025



*ipinagpatuloy sa susunod na pahina*

*ipinagpatuloy...*

# IKALAWANG BAHAGI: ALAMIN ANG IYONG MGA PANG-IMIGRASYON NA OPSIYON

## SAAN MAKAKAHANAP NG MGA MAPAGKAKATIWALAANG TAGAPAGBIGAY NG SERBISYONG LEGAL SA IYONG LUGAR:

Ang pagkuha ng maayos na konsultasyong legal mula sa mapagkakatiwalaang eksperto ay mahalaga sa pagpaplano sa paghanda ng pamilya dahil mas matutukoy nila kung ikaw ay kasalukuyang kwalipikado para sa kahit anumang benepisyong pang-imigrasyon. Ang National Immigration Legal Services Directory ng Immigration Advocates Network ay naglilista ng mga nonprofit na organisasyon na nagbibigay ng libre o mababang halaga na mga serbisyong legal kaugnay sa imigrasyon: **ilrc.me/findhelp**

## UNAWAIN KUNG SINO ANG MAKAKAPAGBIGAY NG PAYONG PANG-IMIGRASYON

Ang pinaka-epektibong paraan upang maiwasan ang panloloko sa pagkuha ng legal na kinatawan ay humanap ng mga tagapagbigay ng serbisyong legal na angkop sa partikular na mga kinakailangan. Mahirap ito kung hindi mo tiyak kung saan magsisimulang maghanap o anong uri ng mga tungkulin ang karaniwang ibinibigay ng isang kumakatawang legal sa isang kliyente. **Mayroong dalawang kategorya ng mga indibidwal na nagbibigay ng payong legal sa isang kasong pang-imigrasyon:**

- **Mga Abogado:** Upang makapagsanay sa larangan ng pang-imigrasyong batas, na isang pederal na batas, ang isang abogado ay maaaring magkaroon ng lisensya sa kahit anumang estado ngunit kinakailangan ng may bisang lisensya at nasa ‘magandang katayuan’ ayon sa bar association. Makakapagbigay ang mga abogado ng payong legal, makakatulong na maghain ng petisyon at kahilingan na pang-imigrasyon, at maging kinatawan ng mga indibidwal sa mga paglilitis sa korte sa harap ng hukom na pang-imigrasyon. Makukumpirma mo ang mga katibayan ng kakayahan

*ipinagpatuloy...*

ng isang abogado sa state bar ng estado kung saan sila lisensiyado. Ang Department of Justice ay mayroon ding listahan ng mga abogado na hindi na pinapayagang magsanay: **https://www.justice.gov/ eoir/list-of-currently-disciplined-practitioners**.

- **Sertipikadong kinatawan ng Department of Justice (DOJ):** Ang isang sertipikadong kinatawan ng DOJ ay hindi abogado na sertipikado ng DOJ na magtrabaho tungkol sa mga usaping pang-imigrasyon. Ang indibidwal ay dapat may kaugnayan sa isang non-profit na kinikilala ng DOJ. Ang isang sertipikadong kinatawan ay makapagbibigay ng payong legal, maghain ng mga aplikasyong pang-imigrasyon, at, kung may buong sertipikasyon, maaaring kumatawan sa mga kliyente sa mga paglilitis na may kaugnayan sa imigrasyon.

## ANO ANG DAPAT ASAHAN MULA SA KUMAKATAWANG LEGAL

May tungkulin ang isang tagapagbigay ng serbisyong legal na kumatawan sa bawat kliyente sa higit ng kanilang makakaya. **Ito ang ilan sa pinakamahusay na kasanayan na dapat mong asahan mula sa tagapagbigay ng legal na mga serbisyo:**

- **Papirmahin ng kontrata:** Dapat kang bigyan ng nakasulat na kontrata na nagbubuod ng mga serbisyo na ibinibigay at anong mga babayaran (kung mayroon).

- **Nagbibigay kaalaman tungkol sa iyong kaso:** Ang isang tagapagbigay ng serbisyong legal ay dapat pinapanatili kang may kaalaman tungkol sa usad at katayuan ng iyong kaso. Dapat nilang ipaliwanag ang benepisyong pang-imigrasyon na kwalipikado ka, ang proseso ng aplikasyon, at sagutin ang anumang katanungan na mayroon ka.

- **Kopya ng lahat ng dokumento:** Ang isang tagapagbigay ng serbisyong legal ay dapat



*ipinagpatuloy sa susunod na pahina*

*ipinagpatuloy...*

kang bigyan ng kopya ng lahat ng mga dokumentong isinumite sa ngalan mo at pati na rin ang kopya ng anumang ipinadala ng gobyerno na abiso na natanggap na ang inihaing petisyon o kaso (receipt notice). Hindi dapat sila tumangging bigyan ka ng kopya ng mga dokumentong ito o ng iyong file. Sa karamihang kaso, hindi ka dapat pagbayarin ng abogado upang kumuha ng kopya ng iyong file maliban kung sumang-ayon kang magbayad para sa photocopy ng iyong orihinal na kasunduan.

# IKATLONG BAHAGI: ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN

**Ang lahat – dokumentado at hindi dokumentadong mga indibidwal – ay may mga karapatan sa bansang ito.** Kausapin ang lahat sa iyong pamilya (kabilang ang mga anak) at sambahayan upang matiyak na alam nilang lahat ang gagawin kung lapitan ng mga opisyal sa imigrasyon (ICE) o kung ang mga opisyal ng imigrasyon ay pumunta sa iyong bahay.

## NASA PINTUAN ANG ICE. ANO ANG GAGAWIN MO?

- **Huwag buksan ang pintuan para sa ICE o sinumang pulis kung walang pirmadong warrant.** Hindi mo kinakailangang buksan ang pinto maliban kung ang ahente ng ICE ay may maipapakitang warrant na <u>pirmado ng hukom</u> na may partikular at tamang pangalan at address na nakasulat dito. Kung kumatok ang ICE sa iyong pintuan, hilingin sa kanila na ilusot sa ilalim ng iyong pintuan ang search warrant o ipakita ito sa bintana. Tiyakin na pirmado ng hukom ang warrant at nakalagay ang iyong address dito. Kung walang dalang ganito ang ICE o pulis, hindi mo kinakailangan na buksan ang pinto. **Sa oras na buksan mo ang pinto, nawawala na ang partikular mong mga karapatan.**



*ipinagpatuloy sa susunod na pahina*

*ipinagpatuloy...*



- **Laging magtago sa sarili ng Know Your Rights na pulang card at maglagay sa may pintuan.** Pinapaliwanag ng pulang card ang iyong mga karapatan at na hindi mo dapat buksan ang pintuan. Maaari mo itong ilusot sa ilalim ng pintuan para sa ICE, ipakita sa ICE, o basahin ang English na bahagi ng card sa ICE. Sanayin ang iyong mga anak at iba pang miyembro ng pamilya na ipakita ito o ilusot ito sa ilalim ng pintuan. Makikita mo ang mapi-print sa bahay na pulang mga card na nasa 14 na wika sa **ilrc.org/red-cards**.

## HABANG NAKIKIPAG-USAP SA ICE. ANO ANG DAPAT MONG GAWIN?

- **May karapatan kang manahimik at tumanggi na sumagot sa mga tanong ng ICE.** Sabihin na gusto mong manahimik hanggang hindi mo nakakausap ang isang abogado, lalo na tungkol sa lugar kung saan ka ipinanganak, katayuan sa imigrasyon, o kung paano ka nakapasok sa United States. Huwag silang bigyan ng anumang personal na impormasyon tungkol sa iyong sarili o sa sinuman sa iyong pamilya. Sanayin ang iyong mga anak at iba pa sa iyong pamilya at sambahayan na magsabi ng “Hindi” sa ICE.

- **Mayroon kang karapatan na tumangging pumirma sa kahit ano nang hindi muna nakikipag-usap sa isang abogado.** Huwag pumirma sa kahit anong hindi mo naiintindihan at sinasang-ayunan. Maaari nitong matanggal ang iyong karapatan na makiusap sa isang abogado o magkaroon ng pagdinig sa harap ng isang hukom na pang-imigrasyon. Maaaring maging resulta nito ang iyong pagkaka-deport agad nang walang pagdinig. Kung gusto mong manatili sa United States, hilingin na humarap sa isang hukom na pang-imigrasyon.



*ipinagpatuloy sa susunod na pahina*

*ipinagpatuloy...*

- **Mayroon kang karapatan na kumausap sa isang abogado at karapatan na makatawag sa telepono.** Tiyakin na kabisado o dala ang mga numero ng telepono ng mga indibidwal na tatawagan kung may emerhensiya. Sa pinakaposibleng paraan, ang indibidwal na ito ay magagawa ang iyong mga plano at kahilingan, matatawagan ang iyong pang-imigrasyong abogado, at maaakses ang iyong mahahalagang dokumento.

## IBA PANG MAPAGKUKUNAN

**TANDAAN**

***KUNG NAKAKITA KA NG ICE, MANATILING KALMADO AT HUWAG SUBUKANG TUMAKAS. KUNG GAGAWIN MO, MAAARING GAMITIN YAN NG ICE O NG PULIS LABAN SA IYO.***

**Ang Konsulado ng Iyong Bansa:** Kunin ang Kontak na impormasyon ng pinakamalapit na konsulado ng iyong bansa. Maraming mga konsulado ang mayroong pang-emerhensiyang numero para sa mga kasong kailangan ng agarang tulong. Isulat ang numerong iyon kung sakaling ikulong ka ng ICE.

**Mga Know Your Rights na Materyal at Iba Pang Mapagkukunan:** Maraming mga mapagkukunan ang available upang turuan ka tungkol sa iyong mga karapatan. Nasa ibaba ang ilan sa mga lugar na mauumpisahang tingnan kung gusto mong mas matuto tungkol sa batas sa imigrasyon:

- **Immigrant Legal Resource Center (ILRC):**
  - **ilrc.me/resources** para sa Mga Paliwanag sa Komunidad
  - **ilrc.me/protect** para sa aming Know Your Rights Toolkit
- **Informed Immigrant: informedimmigrant.com**
- **National Immigration Law Center (NILC): nilc.org**
- **Immigrants Rising: immigrantsrising.org**



*ipinagpatuloy sa susunod na pahina*

*ipinagpatuloy...*

### MGA DOKUMENTO NA DAPAT AT HINDI MO DAPAT NA DINADALA:

- Magdala ng may bisang work permit o green card, kung mayroon ka. Kung wala ka nito, ipinapayo, sa pangkalahatan, na magdala ng municipal ID, state ID, o lisensya sa pagmamaneho kung inisyu ito ng United States at hindi naglalaman nang kahit ano tungkol sa iyong immigration status o ang iyong bansang pinagmulan. Tanungin ang isang lokal na immigration advocate tungkol sa uri ng mga dokumento na ligtas na dalhin sa iyong lugar.
- Magdala ng red card upang igiit ang iyong karapatan na manahimik kung sakaling pinahinto o kinuwestiyon ng ICE o mga pulis.
- Dalhin ang numero ng telepono ng indibidwal na maisasagawa ang iyong mga plano at kahilingan, matatawagan ang iyong pang-imigrasyong abogado, at maaakses ang iyong mahahalagang dokumento sa panahon ng emerhensiya.
- Huwag magdala ng kahit anumang dokumentasyon tungkol sa iyong bansang pinagmulan.
- Huwag magdala ng pekeng dokumento ng pagkakakilanlan o pekeng mga pang-imigrasyong dokumento.

# IKAAPAT NA BAHAGI: MGA KARAGDAGAN

# MGA TAGUBILIN SA CAREGIVER'S AUTHORIZATION AFFIDAVIT (CAA)

**Mangyaring Paalala:** ang Caregiver's Authorization Affidavit ay magagamit sa **California lamang**.

### SINO ANG KUKUMPLETO AT PIPIRMA NG CAREGIVER'S AUTHORIZATION AFFIDAVIT (CAA)?

Ang tao na gaganap bilang tagapag-alaga ng iyong anak ang kukumpleto at pipirma ng

*ipinagpatuloy...*

CAA. **Hindi kailangan pumirma ang magulang sa CAA.** Mainam na ang gusto mong maging tagapag-alaga ng iyong anak ay paunang punan ang CAA, ngunit hindi nila ito dapat lagdaan o lagyan ng petsa maliban kung o hanggang sa kailangan nila itong gamitin.

## PAGGAGAMIT NG CAA, SINO ANG MAAARING MAGING ISANG TAGAPAG-ALAGA?

Maaaring manilbihan bilang isang tagapag-alaga ang sinumang tao, kamag-anak o hindi kamag-anak, may edad na 18 taong gulang at pataas, na kukumpleto ng CAA.

## SAAN MAAARING GAMITIN ANG CAA?

Kung kinumpleto ang CAA ng isang **hindi kamag-anak,** pinahihintulutan ang taong ito na i-enroll ang iyong anak sa paaralan at magbigay ng pagsang-ayon sa medikal na paggamot na may kaugnayan sa paaralan. Kabilang sa medikal na paggamot na may kaugnayan sa paaralan ang mga pagbabakuna, eksameng pisikal at medikal na gagawin sa paaralan.

Kung kinumpleto ang CAA ng isang **kamag-anak** (kabilang ang isang lolo/lola, tita, tito, o iba pang kwalipikadong kamag-anak ng menor de edad) pinahihintulutan ang taong ito na i-enroll ang iyong anak sa paaralan, sumang-ayon sa medikal na paggamot na may kaugnayan sa paaralan, at sumang-ayon sa karamihan na iba pang pangangalagang medikal at dental para sa iyong anak.

## KAILANGAN BANG MANIRAHAN ANG ANAK KO SA TAGAPAG-ALAGA PARA MAGING BALIDO ANG CAA?

Oo, kailangan ng iyong anak na tumira sa tagapag-alaga. Kung ang iyong anak ay huminto na manirahan sa tagapag-alaga, dapat ipagbigay-alam ito ng tagapag-alaga sa anumang paaralan, health care provider, o health care service plan na nabigyan ng CAA. Wala ng bisa ang CAA pagkatanggap ng paaralan, health care provider, o health care service plan ng abiso na ang iyong anak ay hindi na nakatira sa tagapag-alaga.



*ipinagpatuloy sa susunod na pahina*

*ipinagpatuloy...*

## KAILANGAN BANG IPANOTARYO ANG CAA?

Hindi kailangan ipanotaryo ang CAA. May mga ulat na gusto ng ibang mga paaralan ang notaryadong kopya ng CAA, ngunit hindi ito iniuutos ng batas. **Tandaan din, na ang tagapag-alaga lamang, hindi (mga) magulang ang pipirma sa CAA.**

## DAPAT KO BANG IBIGAY NGAYON ANG CAA SA PAARALAN AT MGA MEDICAL PROVIDER NG AKING ANAK AT HILINGIN SA KANILA NA ITAGO ITO SA KANILANG FILE?

Hindi dapat ibigay ang CAA sa paaralan o mga medical provider ng iyong anak maliban at hanggang naninirahan ang iyong anak sa tagapag-alaga, at ang magulang ay wala para gumawa ng mga pasiya sa paaralan at medikal na desisyon para sa iyong anak.

## NAWAWALAN BA NG BISA ANG CAA?

Ang CAA ay hindi nawawalan ng bisa. Ngunit, kung nagbago ang anumang impormasyon sa form, kinakailangang gumawa ng panibagong form ang tagapag-alaga.

## KUNG GUSTO KONG IBANG TAO ANG MAGKUMPLETO NG ISANG CAA PARA SILA MAKAGAWA NG ILANG MGA DESISYON PARA SA AKING MGA ANAK DAHIL WALA AKO, ANONG MGA HAKBANG ANG DAPAT KONG GAWIN?

Una, dapat mong tukuyin ang taong gusto mong maging tagapag-alaga ng iyong anak.

Sumunod, dapat mong kausapin ang taong iyon kung ano ang ginagawa ng CAA (binibigyan sila ng kapangyarihan para gumawa ng ilang mga desisyon sa paaralan at medikal sa ngalan ng iyong anak), at kung ano ang hindi nito magagawa (hindi sila nito binibigyan ng legal na kustodiya ng iyong anak,



*ipinagpatuloy sa susunod na pahina*

*ipinagpatuloy...*

guardianship sa iyong anak, o ma-access ang iyong anumang mga pinansiyal na mapagkukunan para pangalagaan ang iyong anak).

Panghuli, dapat hilingin sa taong iyon na kumpletuhin ang isang CAA, ngunit dapat maghintay sa pagpirma at paglagay ng petsa hanggang ito ay kinakailangang gamitin. Dapat itago ng tagapag-alaga ang CAA sa isang ligtas na lugar, at dapat magtago ng kopya sa iyong file ng mga mahalagang dokumento sakaling hindi mahanap ng tagapag-alaga ang kanilang kopya kung kinakailangan.

## MAAARI BANG GAMITIN NG TAGAPAG-ALAGA ANG CAA PARA AYUSIN ANG PAGLAKBAY NG AKING ANAK SA AKING BANSANG PINAGMULAN KUNG SAKALING AKO AY IPA-DEPORT AT MAGPASYA NA ISAMA ANG AKING MGA ANAK?

Hindi, ang CAA ay nagbibigay lamang ng pahintulot sa tagapag-alaga na gumawa ng mga desisyon na may kaugnayan sa paaralan at mga medikal na isyu para sa iyong anak. Kumonsulta sa embahada o konsulado ng iyong bansang pinagmulan para sa impormasyon tungkol sa pagpapadali ng paglalakbay ng iyong anak papunta sa iyong bansang pinagmulan kung hindi mo siya sasamahan.

## KAILANGAN BA ANG TAGAPAG-ALAGA NG AKING ANAK AY MAYROONG KATAYUANG PANG-IMIGRASYON SA UNITED STATES?

Hindi. Sa pinakamagandang sitwasyon, ang taong magiging tagapag-alaga ng iyong anak ay hindi rin dapat nasa panganib na ma-deport o makulong. Dapat mayroong driver's license ng California o isang identification card (ID) ang taong ito. Kung walang driver's license ng California o ID, dapat silang handang magbigay ng ibang uri ng pagkakakilanlan tulad ng numero ng social security o ng Medi-Cal.



*ipinagpatuloy sa susunod na pahina*

# CAREGIVER'S AUTHORIZATION AFFIDAVIT

Ang paggamit sa sinumpaang salaysay ay sang-ayon sa Part 1.5 (nag-uumpisa sa Section 6550) ng Division 11 ng California Family Code.

**Mga Tagubilin:** Ang pagkumpleto ng bilang 1-4 at pagpirma sa sinumpaang salaysay ay sapat na upang magpahintulot ng enrollment ng isang menor de edad sa paaralan at pagpayag sa pangangalagang medikal na kaugnay sa paaralan. Ang pagkumpleto ng bilang 5 hanggang 8 ay dagdag na kailangan para sa pagpayag ng iba pang pangangalagang medikal. **Kumpletuhin lamang ang numero 5 hanggang 9 kung ikaw ay kamag-anak ng bata.** I-type o i-print nang malinaw.

Ang menor de edad na pinangalanan sa ibaba ay nakatira sa aking (tagapag-alaga) tahanan at ako ay may edad na 18 taong gulang o pataas.

1. **Pangalan ng menor de edad:** ______________________________
2. **Petsa ng kapanganakan ng menor de edad:** ______________________________
3. **Aking pangalan (hustong gulang na nagbibigay ng awtorisasyon):** ______________
4. **Address ng aking tahanan:** ______________________________
5. [ ] Ako ang lolo, lola, tita, tito, asawa, stepparent, kapatid na lalake, kapatid na babae, stepbrother, stepsister, half-brother, half-sister, pamangkin na babae, pamangkin na lalake, pinsan, lolang tiyahin, lolong tiyuhin, lolo o lola sa tuhod, lolang tiyahin sa tuhod, lolong tiyuhin sa tuhod ng menor de edad, o asawa ng anumang mga taong ito.
6. **I-check ang isa or pareho (halimbawa, kung isang magulang ay napayuhan at ang isa ay hindi mahanap):**
   [ ] Pinayuhan ko ang (mga) magulang o ibang (mga) tao na may legal na kustodiya ng menor de edad ng aking hangad na magpahintulot ng pangangalagang medikal, at wala akong natanggap na pagtutol.



*ipinagpapatuloy sa susunod na pahina*

[ ] Hindi ko makontak ang (mga) magulang o ibang (mga) tao na may legal na kustodiya ng menor de edad para ipaalam sa kanila ang hangad kong awtorisasyon.

7. **Petsa ng aking kapanganakan:** ______________________________

8. **Ang numero ng aking California driver's license o identification card:** __________

***BABALA: HUWAG PIRMAHAN ANG PAPELES NA ITO KUNG ANUMANG MGA PAHAYAG SA ITAAS AY MALI, O IKAW AY MAKAGAWA NG KRIMEN NA MAPARUSAHAN NG MULTA, PAGKAKULONG, O PAREHO.***

Ipinapahayag ko sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling sa ilalim ng mga batas ng Estado ng California na ang nabanggit ay totoo at tama.

**Petsa:** ______________________ **Pirma:** ______________________

**MGA ABISO**

1. *ANG PAGPAPAHAYAG NA ITO AY HINDI MAKAKAAPEKTO SA MGA KARAPATAN NG MGA MAGULANG NG BATA O KANYANG LEGAL NA TAGAPAG-ALAGA NA TUNGKOL SA PANGANGALAGA, KUSTODIYA, AT KONTROL NG BATA AT HINDI NAGBIBIGAY SA TAGAPAG-ALAGA NG LEGAL NA KUSTODIYA NG BATA.*

2. *ANG SINUMANG UMAASA SA SINUMPAANG SALAYSAY NA ITO AY WALANG OBLIGASYON NA GUMAWA NG KARAGDAGANG PAGTATANONG O PAGSISIYASAT.*

**KARAGDAGANG IMPORMASYON:**

*PARA SA MGA TAGAPAG-ALAGA:*

1. *"KWALIPIKADONG KAMAG-ANAK", PARA SA MGA LAYUNIN NG NUMERO 5, AY NANGANGAHULUGANG ISANG ASAWA, MAGULANG, STEPPARENT, KAPATID NA LALAKE, KAPATID NA BABAE, STEPBROTHER, STEPSISTER, HALF-BROTHER, HALF-SISTER, TITO, TITA, PAMANGKIN NA BABAE, PAMANGKIN NA LALAKE, PINSAN, O SINUMANG TAONG TINUTUKOY NA LOLO O LOLA, O ASAWA NG SINUMANG TAO NA TINUKOY SA DEPINISYONG ITO, KAHIT HINDI NA KASAL DAHIL SA KAMATAYAN O PAGSASAWALANG-BISA NG KASAL.*

2. *KUNG IKAW AY HINDI KAMAG-ANAK O KASALUKUYANG HINDI LISENSIYADO, SERTIPIKADO, O PINAHINTULUTAN MAGING KAHALILING MAGULANG, KAILANGAN MONG KUMUHA NG RESOURCE FAMILY APPROVAL NA SANG-AYON SA SEKSIYON 1517 NG HEALTH AND SAFETY CODE O SEKSIYON 16519.5 NG WELFARE AND INSTITUTIONS CODE PARA MAG-ALAGA NG ISANG MENOR DE*

*ipinagpatuloy...*

*EDAD. KUNG IKAW AY MAY MGA ANUMANG TANONG, MANGYARING IPAALAM SA IYONG PANLOKAL NA DEPARTMENT OF SOCIAL SERVICES.*

3. *KUNG ANG MENOR DE EDAD AY HUMINTO NA TUMIRA SA IYO, KAILANGAN MONG IPAALAM SA ANUMANG PAARALAN, HEALTH CARE PROVIDER, O HEALTH CARE SERVICE PLAN KUNG SAAN MO NAIBIGAY ANG SINUMPAANG SALAYSAY NA ITO. MAWAWALAN NG BISA ANG SINUMPAANG SALAYSAY PAGKATAPOS MATANGGAP NG PAARALAN, HEALTH CARE PROVIDER, O HEALTH CARE SERVICE PLAN ANG ABISO NA ANG MENOR DE EDAD AY HINDI NA NAKATIRA SA IYO.*

4. *KUNG WALA KANG IMPORMASYON NA HINILING SA NUMBERO 8 (CA DRIVER'S LICENSE OR I.D.), MAGBIGAY NG IBANG URI NG PAGKAKAKILANLAN TULAD NG IYONG SOCIAL SECURITY NUMBER O MEDI-CAL NUMBER.*

*PARA SA MGA OPISYAL NG PAARALAN:*

1. *ISINASAAD SA SEKSIYON 48204 NG EDUCATION CODE NA ANG SINUMPAANG SALAYSAY NA ITO AY SAPAT NA BATAYAN PARA MATUKOY ANG PANINIRAHAN NG MENOR DE EDAD, NA HINDI NA KINAKAILANGAN ANG UTOS NG GUARDIANSHIP O KUSTODIYA, MALIBAN KUNG NALAMAN NG SCHOOL DISTRICT ANG TUNAY NA KATOTOHANAN NA ANG MENOR DE EDAD AY HINDI NA NAKATIRA SA TAGAPAG-ALAGA.*

2. *MAAARING KAILANGANIN NG SCHOOL DISTRICT ANG DAGDAG NA MAKATWIRANG EBIDENSIYA NA ANG TAGAPAG-ALAGA AY NAKATIRA SA ADDRESS NA NAKALAGAY SA NUMERO 4.*

*PARA SA HEALTH CARE PROVIDERS AT HEALTH CARE SERVICE PLANS*

1. *KUNG KUMILOS ANG TAO BATAY SA BUONG PANINIWALA SA SINUMPAANG AWTORISASYON NG TAGAPAG-ALAGA NA MAGBIGAY NG PANGANGALAGANG MEDIKAL O DENTAL, NA WALANG PANSARILING ALAM SA KATOTOHANAN NA KONTRA SA SINAAD SA SINUMPAANG SALAYSAY, AY WALANG PANANAGUTANG KRIMINAL O SIBIL SA SINUMANG TAO, AT HINDI MAPAPAILALIM SA AKSIYONG DISIPLINANG PANGPROPESYONAL DAHIL SA PANINIWALANG IYON KUNG KUMPLETO ANG NAAANGKOP NA BAHAGI NG FORM.*

2. *HINDI NAGKAKALOOB NG DEPENDENCY ANG SINUMPAANG SALAYSAY NA ITO PARA SA MGA LAYUNIN NG HEALTH CARE COVERAGE*

ipinagpatuloy...



# MAHALAGANG IMPORMASYON NG BATA

**Panatilihin ang impormasyong ito upang ang itinalaga mong mag-alaga sa iyong mga anak kapag wala ka ay magkakaroon ng lahat ng impormasyon na kailangan nila. Kumpletuhin, itago, at i-print ng kopya bawat isang bata sa iyong sambahayan.**

| | |
|---|---|
| Pangalan ng Bata: | |
| Petsa ng Kapanganakan: | |
| Numero ng Cell Phone ng Bata (kung naaangkop): | |
| Pangalan ng Paaralan: | |
| Address ng Paaralan: | |
| Numero ng Telepono ng Paaralan: | |
| Pangalan ng Guro: | |
| Numero ng Telepono ng Guro at/o Email (kung naaangkop): | |
| Numero ng Classroom: | |
| Afterschool Program (kung naaangkop): | |
| Numero ng Telepono ng Afterschool Program (kung naaangkop): | |
| Iba Pang Camp/Sports/Program: | |
| Numero ng Telepono ng Iba Pang Camp/Sports/Program (kung naaangkop): | |
| Allergies: | |
| Mga Kondisyong Medikal: | |
| Medikasyon: | |
| Numero ng Telepono ng Doktor: | |
| Address ng Doktor: | |
| Health Insurance Info: | |

***MAAARING KUMPLETUHIN ANG DOKUMENTONG ITO NANG DIGITAL GAMIT ANG PDF VIEWER/EDITOR O MAG-PRINT AT KUMPLETUHIN GAMIT ANG ASUL O ITIM NA TINTA.***

Translated by LAU Language Access Unit Division of Equity & Social Justice 02/28/2025



ipinagpapatuloy sa susunod na pahina

*ipinagpatuloy...*

# MGA NUMERONG PANG-EMERGENCY AT MAHALAGANG CONTACT INFORMATION

**Panatilihin ang impormasyong ito sa isang lugar na madali mong makukuha o ng iyong pamilya.**

| MGA NUMERONG PANG-EMERGENCY | |
|---|---|
| Agarang Emergency | 911 |
| Police Department | |
| Fire Department | |
| Poison Control | |
| **MGA KONTAK SA PAMILYA** | |
| Nanay/Magulang/Guardian | |
| Telepono sa Bahay | |
| Cell/Mobile na Telepono | |
| Address sa Trabaho | |
| Telepono sa Trabaho | |
| Tatay/Magulang/Guardian | |
| Telepono sa Bahay | |
| Cell/Mobile na Telepono | |
| Address sa Trabaho | |
| Telepono sa Trabaho | |
| Iba Pang Emergency Contact at Relasyon | |
| Cell/Mobile na Telepono | |
| Iba Pang Emergency Contact at Relasyon | |
| Cell/Mobile na Telepono | |
| Iba Pang-emergency na Kontak at Relasyon | |
| Cell/Mobile na Telepono | |

*ipinagpatuloy sa susunod na pahina*

Translated by LAU Language Access Unit Division of Equity & Social Justice 02/28/2025

| IBA'T IBA PANG MGA KONTAK | |
|---|---|
| Doktor | |
| Numero ng Telepono | |
| Health Insurance Company | |
| Policy Number | |
| | |
| Pediatrician | |
| Numero ng Telepono | |
| Health Insurance Company | |
| Policy Number | |
| | |
| Dentista | |
| Numero ng Telepono | |
| Dental Insurance Company | |
| Policy Number | |
| | |
| Consulate (Konsulado) | |
| Address | |
| Numero ng Telepono | |
| | |
| Abogado/Nonprofit Legal Services Provider | |
| Address | |
| Numero ng Telepono | |
| | |
| Simbahan/Temple/Mosque/ Lugar ng Pagsamba | |
| Address | |
| Numero ng Telepono | |

# TALAAN NG MGA MAHAHALAGANG DOKUMENTO

**Panatilihin ang talaan o kopya ng mga dokumentong ito sa isang ligtas na lugar. Sabihin sa iyong mga anak, kapamilya, at mga emerhensiyang tagapag-alaga kung saan mahahanap ang talaan na ito kung may emerhensiya.**

[ ] MGA PASAPORTE

[ ] BIRTH CERTIFICATES

[ ] MARRIAGE LICENSE (KUNG NAAANGKOP)

[ ] CAREGIVER'S AUTHORIZATION AFFIDAVIT

[ ] ANUMANG RESTRAINING ORDER (UTOS NG PAGPIGIL) NA MAAARING MAYROON KA LABAN SA SINUMAN (KUNG NAAANGKOP)

[ ] A-NUMBER AT ANUMANG MGA DOKUMENTONG PANG-IMIGRASYON (WORK PERMIT, GREEN CARD, VISA, AT IBA PA)

[ ] MGA DOKUMENTO NA NAGPAPAKITA NG IYONG PANINIRAHAN SA UNITED STATES AT ANG TAGAL NA PANAHON KUNG KAILAN IKAW AY PISIKAL NA NANDITO SA UNITED STATES

[ ] DRIVER'S LICENSE AT/O IBA PANG IDENTIFICATION CARDS

[ ] SOCIAL SECURITY CARD O NUMERO NG ITIN

[ ] REHISTRO NG KAPANGANAKAN (PARA SA IPINANGANAK SA U.S. AT REHISTRADO SA BANSA NG MAGULANG) (KUNG NAAANGKOP)

[ ] MGA MAHALAGANG IMPORMASYON NG MGA ANAK

[ ] MGA NUMERONG PANG-EMERGENCY AT MAHALAGANG CONTACT INFORMATION

[ ] IMPORMASYONG MEDIKAL NG MGA BATA, KASAMA ANG HEALTH INSURANCE, LISTAHAN NG MGA GAMOT, AT CONTACT INFORMATION NG DOKTOR

[ ] IBA PANG MGA DOKUMENTO NA GUSTO MONG MABILIS NA MAHAHANAP

Translated by LAU Language Access Unit Division of Equity & Social Justice 02/28/2025



ipinagpapatuloy sa susunod na pahina